Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG PEBRERO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 064-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY PALASAN NG BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG WALONGDAAN APATNAPU'T PITONG LIBO AT SIYAMNAPU'T TATLONG PISO (P847,093.00).*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 04-T'2002 Ordinansang Pambarangay Blg. 01-T'2002 ng Sang. Barangay ng Palasan na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2002 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T,* ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang Bayan lakip ang mga kapunahan at pagwawasto na nais ipahatid sa nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T* anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Palasan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng mga Kgg. Kag. Purita P. Sarmiento, Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Florencio C. Odejar na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang taunang badyet para sa taong ito ng Barangay Palasan ng bayang ito na nagkakahalaga ng P847,093.00.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Palasan lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan